

Deribasyon at Impleksiyon sa mga Salita sa Pangungusap sa Wikang Kamayo

Erwin R. Bucjan

*North Eastern Mindanao State University
bucjan789@yahoo.com*

Mary Ann S. Sandoval

*Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT).
maryann.sandoval@g.msuiit.edu.ph*

ABSTRAK (ABSTRACT)

Tinatalakay sa bahaging ito ang pagbuo ng mga pangungusap. Dito pinag-aralan ang pagganap ng deribasyon at impleksiyon ng mga salita sa pangungusap sa wikang Kamayo. Ang pag-aaral na ito ang nagbuklat sa sintaktika ng wikang Kamayo sa unang distrito ng Surigao del Sur na kinapapalooban ng Marihatag, San Agustin, at Lianga.

Ginamitan ang pananaliksik ng disenyong kuwalitatibo. Indihena o pangkatutubo ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral batay sa iskalang patutunguhan ng mananaliksik at kalahok. Deskriptibong analisis naman ang ginamit sa pagsusuri at **purposive criterion sampling** ang ginamit sa pagpili ng anim na impormante. Nagsagawa rin ng interbiyu sa may edad 60 pataas para sa paglikom ng mga datos.

Natuklasan ng mga mananaliksik na maliban sa mga panlaping *ga-...in-* at *yag*, ginagamit din ang mga panlaping *gapa*, *pag*, *mag*, *tag* at *yaga* sa pagbuo ng mga pandiwa mula sa salitang-ugat ng pangngalan. Ginagamit sa wikang Kamayo ang mga panlaping *yag-* at *ya-* sa paglalapi sa pokus tagaganap na pangungusap. Pangunahing gamit naman ang mga panlaping *tag-* at *paga-* sa pokus sa layon. Tumutuon ang pandiwang nasa pokus na tagatanggap sa tao o bagay na nakikinabang sa resulta ng kilos na isinasaad ng pandiwa. Binubuo ng mga panlaping *tag-...-an* at *paga-...-an* ang pokus na ito. Ganunpaman binubuo ang pokus na ganapan ng mga panlaping *tag-...-an* at *paga-...-an*.

Ang panlaping ginagamit sa pagbuo ng pokus sa kagamitan ay *tag-* at *ipang-...-tay*. Dito, ang bagay na ginamit o naging kagamitan sa pagganap ng kilos ang pinagtutuunan ng pandiwang nasa pokus na ito.

Gayunman, ang paggamit ng wikang kamayo ay tumutukoy sa identidad ng mga taong nanirahan sa unang distrito ng Surigao del Sur.

(This section investigates the sentence structure of the Kamayo language, with a particular emphasis on the analysis of word derivation and sentence inflection within this language. The study explored the syntax of the Kamayo language in the first district of Surigao del Sur, covering Marihatag, San Agustin, and Lianga.

The research employed a qualitative design. An indigenous approach was adopted in the study, guided by the researcher's and participant's intended direction. Descriptive analysis was utilized in the analysis, and purposive criterion sampling was applied in the selection of six informants. Interviews were also conducted with individuals aged 60 and above to gather data.

*The researchers found that in addition to the affixes **ga...in-** and **yag**, other affixes such as **gapa**, **pag**, **mag**, **tag**, and **yaga** are also used to form verbs from root word nouns in the Kamayo language. The affixes **yag-** and **ya-** are used to indicate the actor focus in a sentence. The affixes **tag-** and **paga-** are primarily used to highlight the goal focus. Verbs in the benefactive focus are directed towards a person or thing that benefits from the action expressed by the verb. The benefactive focus is formed by affixes **tag-...-an** and **paga-...-an**. However, the locative focus is formed by affixes **tag-...-an** and **paga-...-an**.*

*The affixes used to form the instrumental focus are **tag-** and **ipang-...-tay**. In this case, the subject acts as the instrument to carry out the action described by the verb. Nevertheless, the use of the Kamayo language is indicative of the identity of the people residing in the first district of Surigao del Sur.)*

Mga susing salita (Keywords): wikang Kamayo, deribasyon, impleksiyon, sintaksis, batayang pangungusap

Introduksiyon

Hindi na lingid sa ating kaalaman na mahalagang sangkap ang morpolohiya sa pag-aaral ng pagbubuo ng mga salita sa parirala o pangungusap upang ilarawan ang sintaks nito. Sa kabilang banda, ang morpolohiya ay siyang basehan upang madetermina ang ugnayan ng mga salita sa pangungusap sa umiiral na wika. Gayunman, ang morposintaks ay isang proseso sa pagbuo ng mga salitang may mga sangkap na morpema na may kinalaman sa sintaks tulad ng deribasyon at impleksiyon. Ayon kay Davis (1980), *mula ito sa salitang morpolohiya na nangangahulugang pag-aaral ng pagbuo ng salita at sintaks na ang ibig sabihin ay pagsasama ng mga salita upang makabuo ng parirala o pangungusap.*

Dalawang mahalagang proseso ang deribasyon at impleksiyon sa pagbuo ng salita sa isang morposintaktik na operasyon. Deribasyon ang proseso sa pagbuo ng salita na nagbabago ang taglay na kahulugan at kategorya sa pamamagitan ng paglalapi mula sa puno (**stem**) ng salita. Impleksiyon naman ang tawag kapag hindi nakapagdudulot ng pagbabago ang proseso sa kahulugan at kategorya nito.

Katulad halimbawa ng binanggit ni Paz (2015) na marami nang napatunayan mula sa mga pag-aaral nina Jakobson, Fant at Halle (1952) at Greenberg (1963) na may mga bagay na pare-pareho sa mga wika sa mundo. Ito ang tinatawag na **language universals**. Lalo nang totoo ito kung ang mga wikang magkakamag-anak ang pinag-uusapan. Sa katotohanan, kaya itinuturing na magkakamag-anak ang isang grupo ng wika'y dahil nga sa pagkakarpare-pareho ng maraming elemento ng mga nasabing wika. Matagal nang napatunayan na malapit na magkakamag-anak ang mga wika sa Pilipinas (Dempwolff, 1925; Conant, 1908, 1911, 1912; Dyen, 1947, 1953; Paz, 1981). Ang mga elementong magkakarpareho o halos magkakarpareho ay matatagpuan sa lahat ng lebel ng mga wikang ito—sa tunog, morpema at mga salita, sintaks at kahulugan.

Dagdag pa niya, may dalawang pag-aaral si Constantino, ang “The Sentence Patterns of Twenty-Six Philippine Languages” at “The Deep Structures of Philippines Languages” na tumatalakay sa pagkakarpareho at pagkakaiba ng mga pangungusap ng mga wika sa Pilipinas. Ayon sa analisis

niya, lahat ng mga simpleng pangungusap sa mga wika natin ay may nakapang-ilalim na estruktura o unibersal na estruktura na nabubuo ng isang parirala na may pandiwa at isang pariralang komplement ng pandiwa.

Natuklasan ni Samarca (2016) na gumagamit ang wikang Cantilangnun ng mga bahagi ng pananalita upang iugnay ito sa pagbuo ng pangungusap. Katunayan, lubhang makabuluhan din ang tungkulin ng panandang *kay* sa pagkilala ng ayos ng pangungusap. Dito, naipahahayag nang malinaw ang mga kaisipan at adhikain ng mga mamamayan sa Carascal, Cantilan, Madrid, Carmen at Lanuza. Magkaugnay ang pag-aaral na natuklasan sa itaas dahil napabilang ang lugar ng Cantilan at Lianga sa iisang probinsiya ng Surigao del Sur at may mga iilang salita ang nagkakatulad.

Nabanggit nina Llamson, Del Rosario, at Sanchez (1974), ang *mang-*ay isa sa pinakaimportante at pinakapangkaraniwang ginagamit na panlaping makadiwa sa wikang Filipino. Sa isang pag-aaral ni Dumalagan (2011) natuklasan na nagkaroon ng sintaktik na penomenon ang wikang Surigaonon, Kamayo-Hinatuan at Kamayo-Bislig maging ang ibang wika sa Pilipinas. Napag-alaman din ni Dela Cerna (2015) na may mga salitang-ugat at panlapi ang wikang Surigaonon.

Nakaangkla ang pag-aaral na ito sa Fully Decomposed Representation Hypothesis ni Feldman. Ang teoryang ito ayon kina Doriana at Caramazza (2015) lahat ng mga komplikadong salita sa isang morpolohikal na anyo ay inirerepresenta ng isang *fully decomposed* na pormat. Ang teoryang ito ay ang paglalarawan ng mga salita kasama ang panlapi at porma nito. Maging gabay ang teorya sa pagtukoy ng mga panlapi at kahulugan at kung paano ito ikinakabit sa pagbuo ng salitang-ugat sa wikang Kamayo dahil ipinapalagay sa teorya na ang lahat ng leksikal na presentasyon ay binubuo ng maliliit na yunit ng morpema. Nagagamit din ito sa pag-aaral ng mga salita sa deribasyon at impleksiyon sa pagbalangkas ng batayang pangungusap sa wikang Kamayo. Sinusuri ng teoryang ito ang prosesong deribasyong paglalapi at impleksiyong paglalapi sa isang morpolohikal na aspeto. Pinaniniwalaan ng teoryang ito na ang lahat ng morpolohikal na komplikadong salita ay inirepresenta ng isang fully decomposed format at


lahat ng morpemik na yunit ay binubuo ng puno (**stem**) at impleksiyong paglalapi. Samakatuwid, ang **Fully Decomposed Representation Hypothesis** ay ang pag-aaral sa morpolohikal na estruktura ng mga salita upang makapagbigay daan sa impormasyong leksikal.

Naging batayan din sa pag-aaral na ito ang teoryang **Generative Grammar** nina Chomsky et al. (2019). Isa itong linggwistik na teorya na naglalarawan ng mga set ng tuntunin sa paggamit ng pagkakasunod-sunod na ayos ng mga salita upang makabuo ng gramatikal na pangungusap. Naglalayon itong pag-aralan ang mga tuntunin na may kaugnayan sa sintaks at morpolohiya ng pangungusap ng isang wika. Samakatuwid, ang teoryang **Generative Grammar** ni Chomsky ay nagtatangkang ipaliwanag sa pormal na paraan ang tuntuning panggramatika ng wika habang nagsasalita ang tao ng kanyang katutubong wika. Mahalaga ang teoryang ito lalo pa sa mga pag-aaral ng wika dahil layunin nitong ibalangkas at ilarawan ang estruktura ng wika at ang set ng mga tuntunin nito bilang natural na wika.

Mayaman ang palaugnayan o sintaks ng wikang Kamayo dahil maraming pagbabago ang maaaring mabubuo nito mula sa paglalapi ng isang morpema upang makalikha ng iba pang salitang may natatanging kahulugan. Limitado lamang sa ngayon ang mga naitatalang dokumento o pag-aaral kaugnay rito. Gayunman, marami nang pag-aaral ng mga wika sa bansang Pilipinas. Pinag-aaralan nito ang ponolohiya, morpolohiya at sintaks ng wika. Kakaiba ang pag-aaral na ito sa ibang pag-aaral ng wika dahil nakatuon ang pananaliksik na ito sa sintaks ng wikang Kamayo.

Isang mahalagang gawain ang pag-aaral ng wika. Isa itong siyentipikong gawain dahil dumaan ito sa proseso ng pagsusuri ng palaugnayan ng mga salita lalo pa sa pagbuo ng parirala at pangungusap. Ilalarawan ng papel na ito ang pagganap ng deribasyon at impleksiyon ng mga salita sa pangungusap upang mabatid na buhay ang nasabing wika at ginagamit ito sa pakikisalamuha ng mga tao sa lipunan.

Makikita sa susunod na pahina ang iskema ng pag-aaral at upang ilarawan ang sintaktika ng wikang Kamayo.

				I					
				M					S
		D		P					I
		E		L					N
		R		E					T
		I		K					A
		B		S					K
	S	A	L	I	T	A			T
		S		Y					I
		Y		O					K
		O		N					A
		N							L

Wikang Kamayo

Inirerepresenta ng malaking kahon ang wikang Kamayo sa unang distrito ng Surigao del Sur. Ito ang pag-aaral sa aspektong sintaktikal ng nasabing wika. Makikita naman sa loob ng malaking talahanayan ang presentasyon ng sintaks ng wikang Kamayo. Inihahalintulad sa bahaging ito ang iskema ng pag-aaral sa isang **word puzzle o scrabble** gamit ang mga tisa o **tiles** sa pagbuo ng mga salita.

Nagsaliksik at bumuo ang mga mananaliksik ng mga batayang pangungusap na may kinalaman sa pagpaparami ng pangngalan, aspekto ng pandiwa, pokus ng pandiwa at kaantasan ng pang-uri. Pinag-aralan ng mananaliksik ang mga pagbuo ng pangungusap ayon sa inirepresenta ng mga tisa o **tiles** na kinapalooban ng salita. Sinuri sa bahaging ito ang deribasyon at impleksiyon ng mga salita kaugnay sa pagbabalangkas ng batayang pangungusap sa wikang Kamayo. Ang prosesong ito ang nagbuklat sa sintaksis ng wikang Kamayo na inirepresenta ng **arrow** bilang paglarawan sa nasabing wika.

Sa ugnayang ito ay mailalarawan ang katangian ng isang wika. Makikita sa iskema na buhay ang wikang Kamayo. Ginagamit ito ng mga tao sa lugar ng pag-aaral sa pakikipag-ugnayan at pagpapaabot nila ng mensahe sa bawat isa. Kaya dapat lamang na pag-aralan ang wikang ito dahil taglay nito ang likas na katangiang gramatika at kailangan itong gamitin bilang batayan at midyum sa pagtuturo ng MTB-MLE upang patuloy itong maging buhay sa tatlong munisipalidad sa unang distrito ng Surigao del Sur.

Metodolohiya

Ginamitan ang pananaliksik na ito ng disenyong kuwalitatibo. Indehinus o pangkatutubo ang pamamaraang ginamit sa pag-aaral batay sa iskalang patutunguhan ng mananaliksik at kalahok nina Santiago at Enriquez (nasa Santos at Magracia, 2010). Dagdag nito, ang indihena o pangkatutubo ay paraang ginagamit sa sikolohiya sa pag-arok sa diwa ng kalahok. Ginagamit din ito sa paglikom ng mga impormasyon sa kulturang Pilipino at angkop sa pag-uugali at sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga Pilipino.

Deskriptiv analisis naman ang ginamit sa pagsusuri ng wikang Kamayo. Nagtatangka itong ipakita ang tunay na larawan ng kasalukuyang kalagayan ng mga bagay-bagay sa pamamagitan ng pag-aaral sa mga tala o dokumento ang ginamit sa analisis pagkatapos makalap ang impormasyon.

Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng impormante. Tinatawag din itong purposive criterion sampling. May kaugnayan ito sa paghahanap o pagpipili ng mga impormante kung saan ang bawat isa sa kanila o indibidwal ay nakaabot sa isang set na kraytirya (Palys, 2008). Nilikom ang datos sa pamamagitan ng pag-interbyu sa mga impormanteng may edad 60 pataas na katutubong naninirahan sa mga nabanggit na lugar. Pagtatanong at pag-iinterbyu din sa mga katutubong Kamayo ang ginamit bilang balidasyon ng pag-aaral.

Naging batayan ang eskalang patutunguhan ng mananaliksik at kalahok bilang pamamaraan sa pangongolekta ng datos. Ayon kina Santiago

at Enriquez (nasa Santos at Magracia, 2010), kinapalooban ito ng pakikitungo, pakikisalamuha, pakikilahok, pakikibagay, pakikisama, pakikipagpalagayang-loob, pakikisangkot, at pakikiisa.

Sa tulong ng kapitan ng baranggay sa bawat lugar, dumaan sa proseso ang pangongolekta ng datos sa lugar ng mga impormante. Ang kapitan ng bawat lugar ang siyang pumili ng mga kalahok bilang impormante sa ginagawang pag-aaral dahil sila ang nakaalam sa kanila. Pinili niya ang mga impormante na may kakayahang magsalita ng pinag-aralang wika, katutubo sa lugar at pumasa sa kraytiryang inihanda ng mananaliksik. Ang mananaliksik ay nakitungo/nakisalamuha sa mga impormante upang makakuha ng sapat at balidong datos. Nagpakita ng mabuting asal ang mananaliksik sa mga impormante ayon sa kaugalian sa pakikipagkapwa tao. Nakibagay rin ito ayon sa pagkilos, saloobin at pagsasalita bilang isang pangkat at Kamayo sa unang distrito ng Surigao del Sur. Nakisama rin ang mananaliksik sa paraang pakikipagkaibigan dahil may mga bahagi na pareho ang kanilang mga hangarin at mithiin na mapreserba ang wikang Kamayo. Nakipagpalagayang loob ang mananaliksik sa mga impormante upang maging panatag ang kalooban nito sa isa't isa. Ibig sabihin, hindi nakitaan ng hiya at pagdadalawang isip ang bawat isa at ganap ang pagtitiwala sa pagbibigay ng mga datos na kinakailangan sa pag-aaral.

Naging batayan ng mananaliksik ang mga katanungang nagmula sa siklo ng buhay ng tao. Pagkatapos mapalagay ang loob ng bawat isa, nagsimula nang magtanong ang mananaliksik sa mga impormante tungkol sa mga paniniwala, kultura at tradisyon ng mga Kamayo mula pagbubuntis/panganganak, pagbibinyag, panliligaw, pag-aasawa/pamilya at hanggang sa kamatayan ng tao.

Nirekord ng mananaliksik ang ginawang pag-iinterbyu gamit ang selfon at pinag-aralan ito ayon sa pagbuo ng mga salita sa wikang Kamayo. Pinakinggan ito nang dalawang beses upang magkaroon ng magandang resulta sa pagsuri ng mga datos. Pagkatapos ay gumawa ng transkripsyon sa tulong ng kanyang mga balideytor.

Nagsaliksik at bumuo rin ng mga batayang pangungusap na may kinalaman sa pagpaparami ng pangngalan, aspekto ng pandiwa, pokus ng

pandiwa at kaantasan ng pang-uri. Pinag-aralan ng mananaliksik ang mga pagbuo ng salita sa pangungusap. Sa bahaging ito ay sinuri ng mananaliksik ang deribasyon at impleksiyon ng mga salita kaugnay sa pagbabalangkas ng batayang pangungusap sa wikang Kamayo.

Paglalahat at Pagtalakay sa Resulta ng Pag-aaral

Ang sintaksis ay isang pag-aaral sa estruktura ng isang pangungusap. Sa bahaging ito pinag-aaralan ang grammar na may kinalaman sa sistema ng mga tuntunin at kategorya na siyang batayan sa pagbuo ng pangungusap sa wikang Kamayo.

Tinalakay sa bahaging ito kung paano naganap ang deribasyon at impleksiyon ng mga salita sa pangungusap sa wikang Kamayo. Dito ay sinusuri ng mananaliksik ang deribasyon at impleksiyon ng mga salita kaugnay sa pagbabalangkas ng batayang pangungusap. Ang prosesong ito ang naglalatag sa sintaksis ng wikang Kamayo sa unang distrito ng Surigao del Sur na kinapapalooban ng Marihatag, San Agustin at Lianga.

Deribasyon ng mga Salita sa Wikang Kamayo

Deribasyon ang tawag sa prosesong nagbabago ang bahagi ng pananalita o kategorya nito. Nagbabago ang porma nito sa pamamagitan ng paglalapi. May proseso rin sa pagbubuo ng salita ang wikang Kamayo na nagbabago ang kahulugan at kategorya sa pamamagitan ng paglalapi mula sa puno (**stem**) ng salita lalo pa sa pagbabalangkas ng isang pangungusap.

Deribasyon ng mga Salitang Pangngalan. Deribasyon ang tawag sa proseso ng pagkabit ng panlapi sa isang salitang-ugat na pangngalan. Tumutukoy ang pangngalan sa ngalan ng tao, hayop, bagay, pook, pangyayari at iba pa. Ang pagkakabit nito sa salitang pangngalan ay maaaring magdudulot ng pagbabago ng kategorya patungong pandiwa o pang-uri. Tinalakay sa ibaba ang deribasyon ng mga salitang pangngalan sa pagbuo ng pandiwa at pang-uri sa pangungusap sa wikang Kamayo.

Pagbuo ng Pandiwa. Nakabubuo rin ng mga pandiwa ang mga pangngalan sa pamamagitan ng deribasyon. Ito ang proseso ng pagkakabit o paglalapi ng mga morpema mula sa salitang-ugat ng pangngalan. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng pangungusap sa pagbuo ng pandiwa:

- | | |
|--|--|
| a. <i>Bubay</i> ang anak ni Endring.
<i>Gabinubay</i> si Jose. | (Babae ang anak ni Endring.)
(Nagsuot pambabae si Jose.) |
| b. Kalamii ng <i>biko</i> sa tindahan.
<i>Gabiko</i> si Lilia. | (Ang sarap ng biko sa tindahan.)
(Nagluluto ng biko si Lilia.) |
| c. Lapadi ang <i>banig</i> .
<i>Gabanig</i> si Norbing. | (Napakalapad ng banig.)
(Gumagawa ng banig si Norbing) |
| d. Kabadi kadi ng <i>sabanas</i>
<i>Yagsabanas</i> si Inggay. | (Ang laki pala ng kumot.)
(Gumagawa ng kumot si Inggay.) |
| e. Hamuti ang <i>gamos</i> .
<i>Yaggamos</i> si Telma. | (Napakabango ng bagoong.)
(Gumagawa ng bagoong si Telma.) |
| f. Badihay ang <i>alima</i> naan.
<i>Tag-alima</i> naan ang pansit. | (Napakalaki ng kamay niya.)
(Kinamay niya ang pansit.) |
| g. Harangi ang <i>katumbaw</i> .
<i>Tagkatumbawan</i> ang
kanaan mata. | (Napakaanghang ng sili.)
(Nilagyan ng sili ang kanyang mata.) |
| h. Hamukay ang <i>baslay</i> niran
Nily.
<i>Tagbaslayan</i> si Artim. | (Napakarami ng walis ting-ting
nila Nily.)
(Hinampas ng walis ting-ting si Artim.) |
| i. Gamay ang <i>badu</i> ni Fatima.
<i>Tagbaduan</i> niran ang
Santo Niño. | (Maliit ang damit ni Fatima.)
(Binihisan nila ang Santo Niño.) |
| j. Humok ang kanaan <i>alima</i> .
<i>Tag-alima</i> kadi naan ang gamos. | (Malambot ang kanyang kamay.)
(Kinamay niya pala ang bagoong.) |

Mapapansin sa unang halimbawa ng pangungusap ang salitang *bubay* (babae). Ang *bubay* ay isang pangngalang pambalana subalit kapag inuunlapihan ng *ga-* at ginigitlapihan ng *-in-* ay nagiging *gabinubay* (nagsuot) na ito na mababasa sa ikalawang halimbawa sa titik a. Ang panlaping *ga-...in-* ang nagsasaad ng kilos ni Jose bilang simuno. Tumutukoy ang morpemang ito sa kilos o mga panlaping makadiwa. Sa madaling sabi, nagbago ang kategorya nito mula sa pangngalan na *bubay* at naging pandiwa ito dahil sa mga panlaping ikinabit tulad ng *ga-* at *-in-* na morpemang nagsasaad ng kilos at ganoon din sa pangungusap b at c.

Makikita naman sa titik d ang salitang *sabanas* (kumot). Tumutukoy ang salitang ito sa ngalan ng gamit o pangngalang pambalana. Ganunpaman, kapag inuunlapihan ito ng morpemang *yag-* ay nagiging *yagsabanas* (nakakumot) na ito. Ang panlaping *yag-* sa pagbuo ng salita ay tumutukoy sa kilos ng tao o panlaping makadiwa tulad ni Inggay.

Ang salitang *alima* (kamay) sa unang pangungusap sa titik f ay salitang pangngalan. Subalit kapag inuunlapihan ito ng morpemang *tag-* ay naging *tag-alima* (kinamay) na ito na tumutukoy sa kilos ng tao. Sa madaling sabi, ginagamit din ang panlaping *tag-* bilang deribasyon sa pagbuo ng salitang pandiwa mula sa salitang-ugat na pangngalan. Ganoon din sa panlaping *tag-...-an* tulad ng salitang *tagbaduan* (binihisnan) na tumutukoy din sa kilos ng isang tao.

Ang mga panlaping *ga-...in-*, *yag-*, *tag* at *tag...-an* ay mga panlaping makadiwa na ikinakabit sa salitang pangngalan upang makabuo ng salitang pandiwa. Hindi pwedeng ikabit ang mga panlaping ito kahit saan lamang dahil mawawala ang kahulugan ng isang bagong salita.

Pagbuo ng Pang-uri. Nakabubuo rin ang mga pangngalan ng mga pang-uri sa pamamagitan ng deribasyon. Ito ang proseso ng pagkakabit o paglalapi ng mga morpema mula sa salitang-ugat ng pangngalan at nabubuo ang pang-uri sa pamamagitan ng deribasyon ng salita. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng pangungusap sa pagbuo ng pang-uri:

- | | |
|---------------------------------|-------------------------|
| a. Ang <i>isu</i> gaingkud. | (Ang bata ay nakaupo.) |
| <i>Pang-isu</i> ang kanaan bag. | (Pambata ang bag niya.) |

- | | |
|---|----------------------------------|
| b. Ang <i>hinuod</i> galaba. | (Naglalaba ang matanda.) |
| <i>Panghinuod</i> sa ini na badu. | (Pangmatanda ang damit na ito.) |
| c. Gabugha ang <i>bubay</i> . | (Nagsisibak ng kahoy ang babae.) |
| <i>Pangbubay</i> ang kanaan badu. | (Pambabae ang kanyang damit.) |
| d. Kaisugi ng <i>piya</i> niran. | (Napakatapang ng kanilang pusa.) |
| <i>Pangpiya</i> sa ini na utan. | (Pampusa ang ulam na ito.) |
| e. Galaba ang <i>usug</i> . | (Naglalaba ang lalaki.) |
| <i>Pang-usug</i> ini na karsones. | (Panlalaki ang pantalon na ito.) |
| f. Puwa ang <i>kandila</i> . | (Pula ang kandila) |
| <i>Kandilaon</i> ang alima mo. | (Malakandila ang kamay mo.) |
| g. Bag-o ang <i>badu</i> ni Doming. | (Bago ang damit ni Doming.) |
| <i>Binaduan</i> da sa kadi ini
na sayal. | (Ginamit na pala itong saya.) |

Makikita sa halimbawa sa titik a ang isang pangungusap na may simuno at panaguri. Ang salitang *isu* (bata) ang simuno at gaingkid (nakaupo) naman ang panaguri. Ang *isu* ay salitang-ugat na pangngalan subalit mapapansin sa ikalawang pangungusap na nagbago ito at naging *pang-isu* (pambata). Nagmula ang salitang ito sa salitang *isu* (bata) na tumutukoy sa categoryang pangngalan. Inuunlapan ito ng morpemang *pang-* upang mabuo ang salitang *pang-isu*. Ang panlaping *pang* sa bahaging ito ay naglalarawan sa katangian ng isang bagay gaya ng bag na mababasa sa ikalawang halimbawa sa titik a at ganoon din sa ibang mga halimbawa sa titik b hanggang titik e.

Sa unang halimbawa sa titik f ang salitang *kandila* ang siyang pangngalan sa pangungusap. Datapwat mapapansin ang hulaping *-on* sa salitang *kandilaon* (malakandila) sa ikalawang pangungusap sa titik f. Ang pagkabit ng panlaping *-on* sa isang salitang-ugat na pangngalang *kandila* ay nakabubuo ng salitang pang-uri. Sa madaling sabi, ang pagkabit ng morpemang ito ay nakapagbabago ng categorya ng isang salita at

naglalarawan sa *alima* (kamay) ng isang tao o panghalip na “mo” na mababasa sa ikalawang halimbawa sa titik b.

Ang unang pangungusap naman sa titik g ay isa ring pangungusap na may simuno at panaguri. Sa bahaging ito, ang salitang *badu* (damit) ay isang pangngalang pambalana na tumutukoy sa ngalan ng gamit. Subalit, kapag kinakabitan ng panlaping *-in* sa gitna at *-an* sa hulihang bahagi ay nagiging *binaduan* (ginamit) na ito na tumutukoy sa uri ng damit/saya. Nakapagdudulot ang prosesong ito sa pagbabago ng kategorya mula sa pangngalan patungong pang-uri.

Sa pagbuo ng mga salitang pang-uri mula sa salitang-ugat na pangngalan, ginagamit ang mga panlaping *pang-,-on* at *-in...-an*. Nakapagbabago ang mga panlaping ito sa kategorya at kahulugan ng isang salita kapag ikinakabit ito.

Hindi basta-bastang ikinakabit ang mga panlapi sa isang salita dahil mawawala ang kahulugan ng isang bagong salitang nilalapan. Ang mga panlaping ito ang nakapagbabago ng kategorya mula sa salitang-ugat na pangngalan patungong pandiwa o pang-uri. Patunay ito na talagang buhay ang wikang Kamayo at ginagamit ito sa pakikipag-usap sa kapwa sa araw-araw na pamumuhay. Ito rin ang pangunahing wikang ginagamit ng mga tao sa lugar.

Deribasyon ng mga Salitang Pandiwa

Deribasyon ang tawag sa proseso ng pagkabit ng panlapi sa isang salitang-ugat na pandiwa at nabago ang kategorya nito. Tumutukoy ang pandiwa sa mga salitang nagsaad ng kilos. Ang paglalapi na ito sa pandiwa ay maaaring magdudulot ng pagbabago ng kategorya patungong pangngalan o pang-uri. Tinalakay sa susunod na pahina ang deribasyon ng mga salitang pandiwa sa pagbuo ng pangngalan at pang-uri sa pangungusap sa wikang Kamayo.

Pagbuo ng Pangngalan. Tatalakayin sa bahaging ito ang pagbuo ng mga salitang-ugat na pandiwa patungong pangngalan sa pamamagitan ng paglalapi. Ang paglalapi ng mga morpema ay tinatawag na deribasyon.

Prosesong ito ng pagkakabit ng isang panlapi sa isang salita kasunod ang pagbabago ng kategorya nito. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng pangungusap sa pagbuo ng pangngalan.

- | | |
|---|--|
| a. Hawidi naa ining bato.
Danlog ang hawidanan. | (Hawakan mo muna itong bato.)
(Madulas ang hawakan.) |
| b. Si Jhonny yanglabyog
ng tabugok.
Makadto ako silum sa
labyuganan. | (Si Jhonny ay nangunguha ng pugita.)

(Pupunta ako bukas sa lugar na may
pugita.) |
| c. Yagapanaw si Inggay.
Si tatay yaagi sa panawanan. | (Naglalakad si Inggay)
(Si tatay dumaan sa lugar na
dadaanan.) |
| d. Tagparigu naan ang tubig.
Yalumos ang isu sa
pariguanan. | (Ipinagligo niya ang tubig.)
(Nalunod ang bata sa lugar na
mapagliguan.) |
| e. Tagturi ni Vic si Berto.
Si Ted adto sa turianan. | (Tinuli si Vic ni Berto.)
(Pumunta si Ted sa lugar na
pinagtulian.) |
| f. Tagrabak naan ang badu.
Tagsunog naan ang mga ripa
sa rabakanan | (Itinapon niya ang damit.)
(Sinunog niya ang lahat ng mga dumi
sa basurahan.) |
| g. Gabayo ng humay si Rey.
Yawara ang sing-sing sa
bayuhanan. | (Nagbabayo ng palay si Rey.)
(Nawala ang sing-sing sa lugar na
pinagbayuhan.) |
| h. Yamulawan si Bimboy
sa Barobo.
Yangadto siran sa bulawanan. | (Nangunguha ng ginto si Bimboy
sa Barobo.)
(Pumunta sila sa pinagkukunan ng
ginto.) |

Isang salitang nagsasaad ng kilos ang salitang *hawidi* (hawàkan) na mababasa sa unang halimbawa. Nagmula ito sa salitang-ugat na *hawid* (hàwak) na tumutukoy pa rin sa kilos. Hindi nagbago ang kahulugan at kategorya nito at nananatili itong pandiwa kahit kinabitan ito ng hulaping *-i*. Subalit, sa ikalawang pangungusap sa titik a ay ginamit ang salitang *hawidanan* (hawakan). Mula pa rin ito sa salitang-ugat na *hawid* (hàwak) at tumutukoy ito sa kilos. Datapwat, ito ay hinuhulapian ng morpemang *-anan* na siyang nagpabago ng kahulugan at kategorya ng salita. Mula sa *hawid* na nagsasaad ng kilos ay naging *hawidanan* (hawakán) na ito na tumutukoy sa pangngalan o lugar na inilalarawan bilang danlog (madulas).

Sa unang pangungusap sa titik b ay ginagamit ang salitang *yanglabyog* (nangunguha) bilang pandiwa na mula sa salitang-ugat na *labyog* (kuha) na tumutukoy pa rin sa kilos o galaw. Subalit, sa ikalawang pangungusap sa titik b ay hinuhulapian ang salitang-ugat na *labyog* ng panlaping *-anan* kaya naging *labyuganan* (lugar na mapagkukunan ng pugita). Mapapansin na nagbago ang kategorya ng salita kapag kinakabitan ng morpemang *-anan* sa huling bahagi nito. Naging pangngalan ang nabuong bagong salita na dati ay isang pandiwa.

Ang salitang *yagpanaw* (naglakad) ay nagsasaad ng kilos ni Inggay. Ito ay mula sa salitang-ugat na *panaw* (lakad). Ngunit, kapag ang salitang-ugat na *panaw* ay kinabitan ng morpemang *-anan* sa huling bahagi nito, nagiging pangngalan na ito. Tulad na lamang sa salitang *panawananan* na makikita sa ikalawang halimbawa sa titik c. Tumutukoy ito sa lugar o daanan. Kaya, kapag ikinabit ang panlaping *-anan* sa huling bahagi ng salitang-ugat na pandiwa ay nagiging pangngalan ang kategorya nito.

Tanging morpemang *-anan* lamang ang panlaping ikinakabit sa salitang-ugat na pandiwa na makabubuo ng kategoryang pangngalan gaya rin ng mga iba pang halimbawa sa itaas. Sa gayon, tulad ng ibang mga panlapi ay hindi rin pwedeng ikabit ang mga panlaping ito kahit saang bahagi ng salitang-ugat dahil maaaring makabuo ito ng walang kahulugan lamang.

Pagbuo ng Pang-uri. Tatalakayin sa bahaging ito ang proseso sa pagbuo ng mga salitang-ugat na pandiwa patungong pang-uri sa pamamagitan ng paglalapi. Ang paglalapi ng mga morpema ay tinatawag

deribasyon. Ito ang proseso ng pagkakabit ng isang panlapi sa isang salita kasunod ang pagbabago ng kategorya nito. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng pangungusap sa pagbuo ng pang-uri.

- | | |
|---|--------------------------------|
| a. <i>Tagpasu</i> naan si Nene ng atun. | (Pinaso niya si Nene ng apoy.) |
| <i>Kapasu</i> ng panahon duun. | (Mainit ang panahon ngayon.) |
| b. <i>Tagpalawuman</i> naan ang atabay. | (Pinalaliman niya ang balon.) |
| <i>Kalawumi</i> ng suba. | (Napakalalim ng ilog.) |
| c. <i>Taglapadan</i> ang karsada. | (Nilakihan ang kalsada.) |
| <i>Kalapad</i> ng karsada. | (Malapad ang kalsada.) |
| d. <i>Tagpakurong</i> ang buhok ko. | (Ipinakulot ang buhok ko.) |
| <i>Kakurong</i> ng buhok naan. | (Kulot ang buhok niya.) |
| e. <i>Tagkatu</i> naan ang samad. | (Kinamot niya ang sugat.) |
| <i>Makatu</i> ang kagid. | (Makati ang allergy.) |
| f. <i>Tagpataghuman</i> naan ang coke. | (Pinalamigan niya ang coke.) |
| <i>Mataghum</i> ng tubig. | (Malamig ng tubig.) |

Sa unang halimbawa na makikita sa titik a, ginamit ang salitang *tagpasu* (pinaso) bilang kilos na ginawa ni Nene. Mula ito sa salitang-ugat na *pasu* (init) na tumutukoy sa uri ng isang bagay o panahon. Ganunpaman, mapapansin sa ikalawang pangungusap ang salitang *kapasu* (mainit) na ginamit pa rin ang parehong salitang-ugat na “pasu” subalit ibang panlapi na ang ikinabit dito, ang panlaping *ka-*. Ang panlaping ito ay nakapagdudulot ng pagbabago sa salita at kategorya nito. Mula sa pandiwa ay naging pang-uri ito. Ang unlaping *ka-* ay may kahulugang paglalarawan ng isang bagay o panahon. Ang panlaping *tag-...-an* sa salitang *tagpalawuman* (pinalaliman) ay nagtataglay din ng kilos ni *naan* (niya). Ito ay mula sa salitang ugat din na *lawum* (lalim) na tumutukoy sa uri ng bagay. Subalit kapag pinalitan ang panglaping *tag-...-an* ng panlaping *ka-...-i* gaya ng salitang *kalawumi* (napakalalim) ay magbabago ito ng kategorya mula pandiwa patungong pang-uri. Ang panlaping *ka-...-i* ay naglalarawan ng isang bagay o pang-uri.

Mababasa naman sa titik e ang salitang *tagkatu* (kinamot) na mula sa salitang-ugat na katu (kati). Ang panlaping *tag* sa salita ay naglalarawan ng kilos ni *naan* (niya) bilang pagkamot sa sugat. Kapag pinalitan naman ng panlaping *ma-* ng panlaping *tag-* ay magbabago na ito ng kategorya. Mula sa pandiwa ay magiging pang-uri ito. Gaya ng salitang *makatu* (makati) na naglalarawan ng isang bagay. Ang panlaping *ma-* ay isang panlaping makauri na ikinakabit sa salitang-ugat na pang-uri rin upang mabigyan ng ibang kahulugan ang isang salita.

Sa pagbuo ng salitang pang-uri mula sa salitang pandiwa ay pinapalitan ang mga panlaping *tag-* at *tag...-an* ng mga panlaping *ka-*, *ka...i* at *ma-*. Ito ang mga panlaping nagpapabago ng kategorya ng salita at nagsasaad ng uri o katangian pagkatapos ginawa ang kilos. Sa gayong dahilan, matatawag na ganap na wika ang wikang Kamayo dahil ginagamit ito ng mga tao sa lugar sa araw-araw na pamumuhay at pakikipag-usap.

Impleksiyon sa Wikang Kamayo

May proseso sa pagbuo ng mga salita ang wikang Kamayo sa pamamagitan ng impleksiyon. Isa itong proseso sa pagbuo ng salita sa pamamagitan ng paglalapi na hindi nagbago ang kahulugang taglay at kategorya nito. Makikita sa ibaba ang mga halimbawa ng impleksiyon ng salita sa pangungusap.

Pagpaparami ng Pangngalan. Ang salitang pangngalan ay tumutukoy sa ngalan ng tao, lugar, hayop, bagay o pangyayari. Maaaring isahan o maramihan. Sa bahaging ito ay tinalakay ang pagpaparami ng salitang-ugat na pangngalan sa pagbuo ng pangungusap.

- a. Ang *idu* kaisug. (Ang aso ay matapang.)
- b. Ang *kaiduan* gadinaganay. (Ang mga aso ay nagtakbuhan.)

Sa pagpaparaming pangngalan, ginagamit lamang sa wikang Kamayo ang panlaping *ka...-an*. Sa pagkabit nito sa pangngalang pambalana ay nagiging maramihan ito. Tulad halimbawa ng salitang *idu* (aso) na isahan lamang. Ngunit kapag nilalapihan ito ng morpeming *ka...-an* tulad ng salitang *kaiduan* ay nagiging maramihang bilang na ito.

Aspekto ng Pandiwa. Sa balarilang Filipino, tatlo ang kinikilalang panahunan o aspekto (nagpapahiwatig ng kilos) ng pandiwa. Ang panahunang pangnakaraan o aspektong perpektibo (naganap o ginawa na ang kilos), ang panahunang pangkasalukuyan o aspektong imperpektibo (nagaganap o ginagawa pa ang kilos) at ang panahunang panghinaharap o aspektong kontemplatibo (magaganap o gagawin pa lamang ang kilos). Ganoon din ang wikang Kamayo sa unang distrito ng Surigao del Sur, may tatlong panahunan din ito na makikita sa ilang halimbawa sa sa susunod na pahina.

Talahanayan 1. Ang aspekto ng pandiwa sa wikang Kamayo

Panlapi	Salitang-ugat	Pawatas	Pang-nakaraan	Pang-kasalukuyan	Pang-hinaharap
mag-	duwa (laro) banga (kagat) laba (laba)	<i>magduwa</i> <i>magbanga</i> <i>maglaba</i>	tagduwa tagbanga taglabahan	yagaduwa gabanga yaglaba	magduwa magbanga maglaba
ma-	duwa (laro) sumbag (suntok) garab (mag-ani ng palay)	<i>maduwa</i> <i>masumbag</i> <i>magarab</i>	yaduwa yasumbagan yagarab	gaduwa gasumbagan yagagarab	maduwa masumbagan magarab
-an	duwa (laro) haruk (halik) katkat (akyat)	<i>duwaan</i> <i>harukan</i> <i>katkatan</i>	tagduwaan yakaharukan kinatkat	pagaduwaan yagharuk yagkatkat	duwaan harukan katkatan
mang-	labyog (nanguha ng pugita) lampas (mamumutol ng damo) hawid (hawak)	<i>manglabyog</i> <i>manglampas</i> <i>manghawid</i>	yanglabyog yanglampas yanghawid	yagalabyog galampas yaghawid	manglabyog manglampas manghawid

Panlapi	Salitang-ugat	Pawatas	Pang-nakaraan	Pang-kasalukuyan	Pang-hinaharap
-on	kamang (kunin)	<i>kamangon</i>	tagkamang	gakamang	kamangon
	sipa (sipa) bingwit (bingwit)	<i>sipaon</i> <i>bingwiton</i>	tagsipaan tagbingwit	gasipa gabingwit	sipaon bingwiton
-i	kagtang (hulog)	<i>kagtangi</i>	tagkagtangan	yagakatang	kagtangi
	burat (lapag) tud (tulak)	<i>burati</i> <i>tudi</i>	tagburatan tagtud	yagburat gatud	burati tudi

Makikita sa Talahanayan 1 ang aspekto ng pandiwa sa wikang Kamayo. Mayroon itong kinikilalang panahunan o aspekto (nagpapahiwatig sa kilos ng pandiwa) gaya ng pangnakaraan, pangkasalukuyan at panghinaharap. Natuklasan na mayroong mga panlapi ang aspekto ng pandiwa sa wikang Kamayo. Bawat aspekto nito ay ginagamitan ng panlapi na kumilala sa panahunan o aspekto. Napag-alaman din na ang mga panlaping ito ang siyang indikasyon ng bawat aspekto ng pandiwa.

May anim na panlaping makadiwa ang ginagamit sa aspekto o panahunan sa wikang Kamayo gaya **mag-**, **ma-**, **-an**, **mang-**, **-on**, at **-i**. Ang mga panlaping ito ay kinikilala bilang mga panahunang panghinaharap na aspekto ng pandiwa. Tulad ng mga halimbawa na *magduwa* (maglalaro), *mabanga* (makakagat), *harukan* (hahalikan), *manglampas* (mamumutol ng damo), *kamangon* (kukunin) at *kagtangi* (huhulugan).

Ang panlaping makadiwang **mag-** ay may mga banghay na morpema gaya ng **tag-**, at **tag-...-an** na tumutukoy sa pangnakaraang aspekto ng pandiwa kapag ikinabit sa salita gaya ng salitang *tagtud* (itinulak) at *tagduwaan* (pinaglaruan). Banghay ng panlaping **ma-** ang **ya-** at **ya-...-an** na tumutukoy sa pangnakaraan tulad halimbawa ng salitang *yaduwa* (naglaro) at *yasumbagan* (nasuntukan).

Banghay naman ng panlaping **-an** ang **tag-...-an**, **yaka-...-an**, at **-in-** na tumutukoy din sa kilos na tapos na tulad ng *tagduwaan* (pinaglaruan) *yakaharukan* (nahalikan) at *Kinatkat* (inakyat). Morpemang **yang-** lamang ang banghay ng panlaping makadiwang **mang-** gaya ng **salitang yanglabyog** na may kahulugang nanguha ng pugita. Ang panlaping **-on** ay mayroong dalawang banghay gaya ng **tag-** at **tag-...-an** na tumutukoy sa pangnakaraang panahunan. Ganun din ang panlaping **-i** na mababanghay ng **tag-...-an**.

Ang lahat ng panlaping makadiwa ay kinakabitan ng morpemang **yaga-**, **ga-** at **ga-** na tumutukoy sa panahunang pangkasalukuyan. Subalit ang panlaping **ma-** ay mayroong banghay na **ga-...-an** at ang panlaping **-an** ay mayroong ding banghay na **paga-...-an** na tumutukoy rin sa kilos na sinimulan na at hindi pa tapos ang ginagawa.

Samakatuwid, hindi pweding ikabit kahit saan ang mga panlaping ito dahil maaaring magbago ang kahulugan ng salita. Mahalaga ang mga panlaping ito sa pagtukoy sa aspekto ng pandiwa sa wikang Kamayo.

Panahunang Pangnakaraan. Ang panahunang pangnakaraan ay katumbas ng nakasanayang tawag na aspektong perpektibo/pangnagdaan. Nakikita sa aspektong ito ang kilos na nasimulan at natapos na. Sa ibaba ay mga halimbawa na pangungusap sa aspektong pangnakaraan. Tinalakay sa bahaging ito ang deribasyon ng mga salita sa pangungusap sa wikang Kamayo.

- | | |
|---|-------------------------------|
| <i>a. Tagpanaw</i> ni Ernil. | (Nilakad ni Ernil.) |
| <i>b. Tagrabak naan ang piya.</i> | (Itinapon niya ang pusa.) |
| <i>c. Tagkaan</i> ko ang labugon kabii. | (Kinain ko ang buko kahapon.) |
| <i>d. Tagtud</i> ako ni Ben. | (Itinulak ako ni Ben.) |
| <i>e. Tagsipa</i> ko si Jun gaina. | (Sinipa ko si Jun kanina.) |

Ang mga pangungusap sa itaas ay halimbawa ng mga pangungusap na nasa pangnakaraang aspekto ng pandiwa. Mapapansin ang paglalapi ng

morpemang *tag-* sa mga halimbawa sa titik a tulad ng *tagpanaw* (nilakad), sa titik b ang salitang *tagrabak* (itinapon) sa titik c ang salitang *tagkaan* (kinain) at sa iba pang pangungusap na makikita sa itaas. Ang mga panlaping ito ay nagsasaad ng kilos na tapos na kasabay sa panahong sinabi kung kailan ginawa ang kilos ng simuno.

Panahunang Pangkasalukuyan. Ang panahunang pangkasalukuyan ay tinatawag ding aspektong imperpektibo. Makikita sa ibaba ang mga halimbawang pangungusap at ang pagtalakay ng mananaliksik ang deribasyon sa pagbuo ng salita sa pangungusap sa wikang Kamayo.

- a. Si Mario *yagabasa* ng libro. (Si Mario ay nagbabasa ng aklat.)
- b. *Yaglubok* si Artim ng humay. (Nagbabayo si Artim ng palay.)
- c. *Gasag-ub* ng tubig si Edie. (Nag-iigib ng tubig si Edie.)

Mapapansin sa itaas ang mga panlaping *yaga-*, *yag-* at *ga-* bilang morpemang nagsasaad ng pangkasalukuyang aspekto ng pandiwa. Ang morpemang *yag* at *ga* ay nagmula sa morpemang *yaga*. Nabuo ito dahil sa kliping bilang isa sa mga proseso ng pagbuo ng salita sa wikang Kamayo. Subalit kapag ikinakabit ang mga panlaping ito, pareho lamang ang kahulugan na tumutukoy sa nagaganap o ginawa pa ang kilos. Tulad sa halimbawa sa titik a na ginamitan ng salitang *yagabasa* (nagbabasa) na may kahulugang nagaganap pa lamang ang kilos ni Mario. Kapag ang panlaping *yag* o *ga* ang gagamiting panlapi sa salitang-ugat na *basa* ay magiging *yagbasa* o *gabasa* na may parehong kahulugan lamang na ibig sabihin ay ginawa pa ang kilos ng simuno. Katulad lang din ang pagpapaliwanag nito sa pangungusap na mababasa sa titik b at c.

Panahunang Panghinaharap. Ang panahunang panghinaharap ay tinatawag ding aspektong kontemplatibo. Nagsasaad ito ng kilos na hindi pa nasimulan o gaganapin pa lamang o di kaya'y iniisip pa lamang gawin. Mababa sa ibaba ang mga halimbawa na pangungusap at tinalakay ng mananaliksik ang deribasyon sa pagbuo ng salita sa pangungusap sa wikang Kamayo.

- | | |
|---|---|
| <i>a. Makaan</i> ako gaya ng biko. | (Kakain ako mamaya ng biko.) |
| <i>b. Magpasiyo</i> kita gayang dum. | (Mamamasyal tayo mamayang gabi.) |
| <i>c. Magbadu</i> kaw ng lami sa birthday ko. | (Magsusuot ka ng magandang damit sa kaarawan ko.) |

Ang mga halimbawa sa itaas ay mga pangungusap na nasa panghinaharap na aspekto ng pandiwa. Mapapansin ang mga panlaping *ma-* at *mag* na ikinakabit sa unahang bahagi ng salitang-ugat. Ang salitang *makaan* (kakain) ay isang salitang maylapi. Ito ay salitang nagmula sa salitang-ugat na *kaan* (kain). Kapag ikinabit ang panlaping *ma-* o *mag* sa salitang-ugat na pandiwa ay nagsasaad ito ng kilos panghinaharap. Tulad ng isa pang halimbawa na salitang *magpasiyo* sa pangungusap sa titik b, ang panlaping *mag-* ang tumutukoy sa kilos na gagawin pa lamang ng isang tao o ng panghalip na “tayo” sa titik b. Ginagamitan din ng katagang “*gaya*” (mamaya) bilang pang-ugnay sa pangungusap at ito’y nagsasaad ng kilos panghinaharap. Ibig sabihin ay mamaya pa lamang niya gagawin ang kilos.

Sa madaling sabi, nagkaroon din ng aspekto ng pandiwa ang wikang Kamayo sa paggamit sa pakikipag-usap sa kapwa. Sa gayong dahilan, talagang ganap na wika ang wikang Kamayo dahil mayroon itong sariling proseso sa pagbuo ng pangungusap lalo pa sa bahaging panahunan o aspekto ng pandiwa.

Pokus ng Pandiwa. Pokus ang tawag sa pambalarilang kaugnayan ng pandiwa sa simuno o paksa ng pangungusap. Nalalaman ang pokus sa pamamagitan ng panlaping ikinakabit sa pandiwa. Nagkakaroon ng iba’t ibang pokus ang pandiwa ayon sa kung ano ang kaganapan ng pandiwa sa posisyong pansimuno ng pangungusap. Mababasa sa ibaba ang mga pokus ng pandiwa at mga halimbawang pangungusap.

Pokus sa Tagaganap. Nasa pokus na tagaganap ang pandiwa kapag ang paksa ng pangungusap ang gumaganap ng kilos na isinasaad ng pandiwa (Agana et al.,1999). Gaya ng mga sumusunod na pangungusap:

- a. *Yagluto ng utan ang daraga.* (Nagluluto ng ulam ang dalaga.)
- b. *Yamakwit ang mga biktima ng baha.* (Lumikas ang mga biktima ng baha.)
- c. *Yamurot ng bato si Roger.* (Namulot ng bato si Roger.)

Sa pokus tagaganap, nakatuon sa tagaganap ang simuno ng pangungusap tulad ng mga halimbawa sa itaas. Ginagamit ang panlaping *yag-* sa salitang *yagluto* (nagluluto) at ang daraga (dalaga) naman ang simuno na siyang gumaganap ng kilos sa unang pangungusap. Sa ikalawa at ikatlong pangungusap, panlaping *ya-* ang ginamit na morpemang pangkabit sa salitang-ugat na pandiwa tulad halimbawa ng salitang *yamakwit* (lumikas). Sa bahaging ito, pinalitan ng titik **m** ang unang titik ng salitang-ugat na *bakwit* (likas) habang nakakabit ang panlaping *ya-* kaya naging *yamakwit* ang isang nabuong salita. Sa gayon, ginagamit sa wikang Kamayo ang mga panlaping *yag-* at *ya-* sa paglalapi sa pokus tagaganap na pangungusap.

Pokus sa Layon. Ang pokus na ito ay nakatuon sa layon bilang simuno ng pangungusap. Makikita sa susunod na pahina ang mga halimbawang pangungusap sa wikang Kamayo.

- a. *Tagkaan ni Arnold ang kan-on ug utan.* (Kinain ni Arnold ang kanin at ulam.)
- b. *Paga-utud ni Edgar ang pilay ug bayabas.* (Pinutol ni Edgar ang saging at bayabas.)

Ginagamit ang dalawang panlaping *tag-* at *paga-* sa pokus sa layon. Tulad halimbawa sa unang pangungusap, "*Tagkaan ni Arnold ang kan-on ug utan.*" (Kinain ni Arnold ang kanin at ulam). Ang salitang *tagkaan* ang pokus sa layon na kung saan ang salitang-ugat na *kaan* (kain) ay kinakabitan ng panlaping *tag-*. Ganito rin ang pagkabit ng panlaping *paga-* sa salitang-ugat na *utud* (putol) sa ikalawang halimbawa. Hudyat ng paksa ang panandang *ang*. Ang panlaping *tag-* at *paga-* ang tumutukoy sa pokus, gaya ni Arnold at ni Edgar sa dalawang pangungusap bilang mga simuno ng pangungusap.

Samakatwid, nasa pokus na layon ang pandiwa kapag ang layon o objek ang paksa ng pangungusap. Kung kaya, ang pangunahing panlapi na ginagamit sa pokus sa layon ay ang *tag-* at *paga-*.

Pokus sa Tagatanggap. Ang pandiwang nasa pokus na tagatanggap ay nakatuon sa pinaglalaanan ng sinabi ng pandiwa, ang simuno ng pangungusap. Gaya ng mga halimbawa sa ibaba.

- | | |
|--|--|
| <p>a. <i>Tagkamangan ko si Venus ng mataghum na tubig.</i></p> | <p>(Ikinuha ko si Venus ng malamig na tubig.)</p> |
| <p>b. <i>Pagapalitan ko ng tuba ang lumon ko na taga-Manila.</i></p> | <p>(Ipinagbili ko ng tuba ang pinsan kong taga-Maynila.)</p> |

Mapapansin sa mga halimbawa ang paggamit ng panlaping *tag-...-an* sa salitang-ugat na *kamang* (kuha) sa unang pangungusap. Si Venus naman ang nakikinabang sa resulta ng kilos na isinaad ng pandiwang *tagkamangan* (ikinuha).

Sa ikalawang pangungusap, panlaping *paga-...-an* naman ang ikinabit sa salitang-ugat na *palit* (bili) bilang pokus sa tagatanggap at ang lumon (pinsan) ang nakinabang sa resulta ng kilos na isinasaad ng pandiwang *pagapalitan* (ipinagbili.). Ang mga panlaping ito ay tumutukoy sa pandiwang nasa pokus tagatanggap dahil ang simuno ng pangungusap ay nakatuon sa pinaglalaanan ng sinabing pandiwa. Dahil dito, ang pandiwang nasa pokus na tagatanggap ay tumutuon sa tao o bagay na nakikinabang sa resulta ng kilos na isinasaad ng pandiwa.

Pokus sa Ganapan. Ang pokus na ganapan ay nagsasaad ng lugar na pinangyarihan ng simuno ng pangungusap tulad na lamang ng mga halimbawa sa ibaba.

- | | |
|---|---|
| <p>a. <i>Tagtanuman ng talong ng kanami masugo ang nataran.</i></p> | <p>(Pinagtamnan ng talong ng aming katulong ang bakuran.)</p> |
| <p>b. <i>Pagaduwaan niran ang kanak garden.</i></p> | <p>(Pinaglalaruan nila ang aking hardin.)</p> |

Binubuo ng mga panlaping *tag-...-an* at *paga-...-an* ang pokus na ganapan. Tulad halimbawa ng salitang *tagtanuman* (pinagtamnan) ay mula sa salitang-ugat na *tanum* (tanim). Sa bahaging ito, ang pook na *nataran* (bakuran) ang siyang simuno ng pangungusap. Ganoon din sa panlaping *paga-...-an* sa salitang pagaduwaan (pinaglalaruan) kung saan tumutukoy ito sa lugar na ganden (hardin) na pinangyayarihan ng simuno ng pangungusap.

Pokus sa Kagamitan. Tumutukoy ito kapag ang bagay, gamit o kasangkapang ginamit upang maisagawa ang kilos ng pandiwa ang simuno ng pangungusap tulad ng halimbawa sa ibaba.

- a. *Taghugas naan ng plato ang pasu na tubig.* (Ipinanghugas niya ng plato ang mainit na tubig.)
- b. *Ipangsuwatay mo ini.* (Ipansulat mo ito.)

Ang panlaping ginagamit sa pagbuo ng pokus sa kagamitan ay *tag-* at *ipang-...-ay*. Dito, ang bagay na ginamit o naging kagamitan sa pagganap ng kilos ang pinagtutuunan ng pandiwang nasa pokus na ito. Tulad halimbawa sa unang pangungusap sa salitang *taghugas* (ipinanghugas) na mula sa salitang-ugat na *hugas* at kinabitan lamang ito ng unlaping *tag-*. Ang panlaping *tag-* ang siyang tumutukoy sa bagay na ginagamit sa pagganap ng kilos na ikinabit sa salitang pandiwa na *hugas*. Ganoon din sa salitang *ipangsuwatay* (ipansulat) na mula sa salitangugat na *suwat* (sulat) na nilapian lamang ng *ipang-...-ay*.

Pokus sa Sanhi. Ang pokus sa sanhi ay nagsasaad na ang dahilan ang simuno ng pangungusap. Gaya ng halimbawa na pangungusap sa ibaba.

- a. *Ingkapatyan ng hinuud ang sakit kasing-kasing.* (Ikinamatay ng matanda ang sa sakit sa puso.)
- b. *Ikalipay ko ang pagpanaw mo.* (Ikatutuwa ko ang pag-alis mo.)

Mapapansin sa pokus sa sanhi na ginagamitan ng panlaping *ingka-...-an* at *ika-* ang pangunahing gamit ng pandiwa sa pokus na ito. Tulad halimbawa ng salitang *ingkapatyan* (ikinamatay) na mula sa salitang-ugat na *patay* na mababasa sa unang halimbawa sa pokus sa sanhi. Ang salitang *ikalipay* (ikatutuwa) naman ay mula sa salitang-ugat na *lipay* (tuwa).

Ibig sabihin, ang mga panlaping *ingka-...-an* at *ika-* ay mga morpemang ikinabit pandiwa at ang nabuong bagong salita gaya ng *ingkapatyan* at *ikalipay* ang siyang paksa ng pandiwang nasa pokus na ito dahil tumutukoy ito sa sanhi o kadahilanan ng kilos.

Ipinapakita sa bawat pokus ng pandiwa ang paggamit ng mga panlapi sa pagbuo ng salita sa pangungusap sa wikang Kamayo. Gaya ng natuklasan ng mananaliksik na talagang ganap na wika ang wikang Kamayo dahil taglay nito ang kakaibang proseso sa pagbuo ng mga salitang pandiwa sa isang pangungusap gamit ang mga panlapi. Patunay lamang ito na buhay ang nasabing wika dahil pangunahing gamit ito sa pakikipag-usap ng mga tao sa lugar.

Kaantasan ng Pang-uri. Ang pang-uri ay salita o lipon ng mga salita na iniugnay sa pangngalan o panghalip upang maipakita ang katangian nito sa iba. Samakatuwid, maaari itong salitang naglalarawan ng isang tao, bagay, lugar at iba pa. May iba't ibang antas ng kasidhian ang pang-uri, maaaring karaniwan, katamtaman o moderasyon at masidhi o sukdulang uri.

Karaniwang Antas ng Pang-uri. Ito ay tinatawag na lantay o karanwang anyo ng pang-uri. Sa ibaba ay may mga halimbawa ng pangungusap na ginagamitan ng mga salitang karaniwang antas ng pang-uri batay sa impleksiyon na proseso.

- a. *Kakurung ng buhok mo.* (Kulot ang buhok mo.)
- b. *Karaat ng kanak pamati.* (Masama ang pakiramdam ko.)
- c. *Makudu ang samad ko.* (Masaki tang sugat ko.)

Ang mga nabanggit na pangungusap ay nagtataglay ng katangian ng tao o bagay. Karaniwang anyo lamang ito ng pang-uri na naglalarawan ng katangian at nararamdaman ng isang tao.

Mapapansin sa mga pangungusap sa itaas ang mga salitang nagtataglay ng impleksiyon na pagbuo ng salita. Binubuo ng mga panlaping *ka-* at *ma-* ang salitang naglalarawan ng karaniwang anyo ng pang-uri. Tulad halimbawa ng salitang *kakurung*, ito may mula sa salitang *kurung* at nilalapan lamang ng morpemang *ka-* kung saan hindi nagbago ang kahulugan at kategorya ng salita. Ang salitang *kakurong* ay naglalarawan ng isang karaniwang uri ng bagay at ang *karaat* at *makudu* ay karaniwang anyo ng pang-uri upang ilarawan ang nararamdaman ng tao. Nananatili ang kanyang kahulugan kahit nakakabit ang mga panlaping makauri na *ka-* at *ma-*. Kaya ang pagbuo ng mga salitang ito na hindi nabago ang taglay na kahulugan at kategorya ng salita ay tinatawag na impleksiyon.

Katamtamang Antas ng Pang-uri. Ang katamtamang antas ng pang-uri ay paglalarawan ng tao, bagay lugar, pangyayari at iba pa sa moderasyon na katangian. Makikita sa iba ang halimbawa sa pagbuo ng salitang pang-uri sa pangungusap.

- a. *Gwapahay* [Gwa.pa.hay] ang anak ni Vicing. (Medyo maganda ang anak ni Vicing.)
- b. *Buotanay* [Bu.o.ta.nay] kadi si Neil. (Medyo mabait pala si Neil.)

Ang panlaping *-hay* at *-ay* ang ginagamit sa paglalapi ng mga salitang-ugat upang ilarawan ang ayon sa katamtamang antas. Tulad na lamang ng salitang *gwapahay* [gwa.pa.hay] na may kahulugang medyo maganda at naglalarawan ng moderasyon na katangian. Datapwat, magiging moderasyon lamang ito kapag ang nagsasalita nito ay gumagamit ng bahagyang paghinto sa pagbigkas [.]. Ang panlaping *han-* na nakakabit sa salitang *gwapahay* na naglalarawan sa paksa ng pangungusap na anak ni Vicing. Ganoon din sa salitang *buotanay*, ang panlaping *-ay* ang naglalarawan sa paksang si Neil sa pangungusap sa titik b.

Sukdulang Antas ng Pang-uri. Ito ang pinakadulong digri sa kaantasan ng pasukdol. Ang mga paraan sa pagbuo ng mga pang-uring pasukdol ay tinatawag na panukdulan o pinakamasidhi. Makikita sa iba ang halimbawa sa pagbuo ng salitang pang-uri sa pangungusap.

- | | |
|--|--|
| a. <i>Gwapahay</i> [Gwa.pa:hay] ang daraga ni Eden. | (Napakaganda ng anak ni Eden.) |
| b. <i>Kaigay</i> [Ka.i:gay] ang kabayo niran Lellia ug Boy. | (Napakapayat ng kabayo nina Lelia at Boy.) |
| c. <i>Si Niño</i> ang <i>pinakaitum</i> sa kaniran maglumon. | (Si Niño ang pinakamaitim sa kanilang magkakapatid.) |
| d. <i>Maraati</i> ang panahon. | (Napakasama ng panahon.) |

Ang panlaping *-hay* at *-ay* ang ginagamit sa paglalapi sa mga salitang-ugat upang ilarawan ang katangian bilang pinakadulong digri ng antas ng pang-uri. Tulad na lamang ng unang pangungusap, mababasa ang salitang *gwapahay* [gwa.pa:hay] na may kahulugang napakaganda at naglalarawan ng sukdukan na katangian sa anak ni Eden na tulad din ng panlaping *ay-* sa salitang *kaigay* [ka.i:gay]. Ngunit nakasalalay sa haba ng pagbigkas [:] ng salita ang kahulugan nito. Ginagamit din sa mga pangungusap c at d ang panlaping *pinaka-* at *ma...-i* sa paglalarawan ng salita sa sukdulang antas ng pang-uri.

Talagang hindi mapapasubalian ang katangiang taglay ng wikang Kamayo. Natatangi ang pagbuo ng mga salita sa kaantasan ng pang-uri. Ginagamitan ng mga panlapi ang salita sa impleksiyon na bahagi nito. Patunay lamang din na buhay at pangunahing wika ang wikang ito sa lugar ng pag-aaral dahil karaniwan lamang ang gamit nito sa araw-araw na pamumuhay ng mga tao.

Kongklusyon

Ang morposintaks ay isang proseso sa pagbuo ng mga salitang may mga sangkap na morpema na may kinalaman sa sintaks tulad ng deribasyon at impleksiyon. Sa bahaging ito, hindi maaaring pag-aralan ang pagbuo ng salita na lubusang hiwalay sa sintaks o pagbuo ng parirala o pangungusap (Paz et.al, 2003). Ayon naman kay Davis (1980), *ang morposintaks ay kombinasyon ng morpolohiya at sintaks dahil mayroon itong malapit na ugnayan na tumutukoy sa gramatikal na kategorya.*

Natuklasan ng mananaliksik na binubuo ng unlaping *ga-* at ginigitlapihan ng *-in-* sa deribasyon ng mga salitang pandiwa. Tumutukoy sa kilos ng tao o panlaping makadiwa ang paggamit ng panlaping *yag-* sa pagbuo ng salita. Ginagamit din ang panlaping *tag-* bilang deribasyon sa pagbuo ng salitang pandiwa mula sa salitang-ugat na pangngalan. Maliban sa mga panlaping *ga-...in-* at *yag-* ginagamit din ang mga panlaping *gapa-*, *pag-*, *mag-*, *tag-* at *yaga* sa pagbuo ng mga pandiwa mula sa salitang-ugat ng pangngalan. Hindi rin pwedeng ikabit ang mga panlaping ito kahit saan lamang dahil mawawala ang kahulugan ng isang bagong salita.

Sa pagbuo ng mga salitang pang-uri mula sa salitang-ugat na pangngalan ay ginagamit ang mga panlaping *pang-*, *-on*, at *-in...-an*. Ang mga panlaping ito ay nakapagbabago ng kategorya at kahulugan ng isang salita kapag ikinakabit ito. Hindi pweding ikabit na lamang kahit saan ang mga panlaping ito dahil mawawala ang kahulugan ng isang bagong salitang nilalapihan. Ang mga panlaping ito ang nakapagbabago ng kategorya mula sa salitang-ugat ng pangngalan patungong pandiwa o pang-uri. Morpemang *-anan* lamang ang panlaping ikinakabit sa salitang-ugat na pandiwa na nakabubuo ng kategoryang pangngalan. Sa gayon, tulad ng ibang mga panlapi ay hindi rin pwedeng ikabit ang mga panlaping ito kahit saang bahagi ng salitang-ugat dahil maaaring hindi ito maunawaan.

Sa pagbuo ng salitang pang-uri mula sa salitang pandiwa ay pinapalitan ang mga panlaping *tag-* at *tag-...-an* ng mga panlaping *ka-*, *ka-...i* at *ma-*. Ito ang mga panlaping nagpapabago ng kategorya ng salita at nagsasaad ng uri o katangian pagkatapos ginawa ang kilos. Sa gayong

dahilan, matatawag na ganap na wika ang wikang Kamayo dahil ginagamit ito ng mga tao sa lugar sa araw-araw na pamumuhay at pakikipag-usap.

Sa pagpaparaming pangngalan, ginagamit lamang sa wikang Kamayo ang isang panlapi, ang *ka-...-an*. Sa pagkabit nito sa pangngalang pambalana ay nagiging maramihan ito. Tulad halimbawa ng salitang *idu* (aso) na kapag nilalapan ng morpemang *ka-...-an* tulad ng salitang *kaiduan* ay nagiging maramihang bilang na ito. Mapapansin ang paglalapi ng morpemang *ya-* sa mga pangungusap sa pangnakaraang aspekto ng pandiwa tulad ng salitang *yapanaw* (umalis), *yadaman* (nagalit) at *yakaan* (kumain). Subalit, ginagamit din sa wikang Kamayo ang panlaping *yag-* bilang salitang nagsasaad ng kilos na tapos nang ginawa.

Napuna ang paggamit ng mga morpemang *yaga-*, *yag-* at *ga-* bilang morpemang nagsasaad ng pangkasalukuyang aspekto ng pandiwa. Ang morpemang *yag* at *ga* ay nagmula sa morpemang *yaga*. Nabuo dahil sa kliping na isa sa mga proseso sa pagbuo ng salita sa wikang Kamayo. Subalit kapag ikinakabit ang mga panlaping ito ay pareho lamang ang kahulugan na tumutukoy sa nagaganap na kilos. Pangkasalukuyang gamit din ang morpemang *ga-...-an* at *paga-...-an*.

Mapapansin ang panlaping *mag-*, *ma-*, *-an*, *mang-*, *-on* at *-i* na ikinakabit sa salitang-ugat bilang pagbuo ng pangungusap sa panghinaharap. Morpemang *tag-*, *tag-...-an*, *ya-*, *ya-...-an*, *yaka-...-an*, *-in-* at *yang-* para sa pangnakaraan na aspekto ng pandiwa.

Ginagamit sa wikang Kamayo ang mga panlaping *yag-* at *ya-* sa paglalapi ng pokus tagaganap na pangungusap. Pangunahing gamit naman ang mga panlaping *tag-* at *paga-* sa pokus sa layon. Ang pandiwang nasa pokus na tagatanggap ay tumutuon sa tao o bagay na nakikinabang sa resulta ng kilos na isinasaad ng pandiwa. Binubuo ng mga panlaping *tag-...-an* at *paga-...-an* ang pokus na ito. Ganunpaman ang pokus na ganapan ay binubuo rin ng mga panlaping *tag-...-an* at *paga-...-an*. Ang panlaping ginagamit sa pagbuo ng pokus sa kagamitan ay *tag-* at *ipang-...-ay*. Dito, ang bagay na ginamit o naging kagamitan sa pagganap ng kilos ang pinagtutuunan ng pandiwang nasa pokus na ito.

Mapapansin sa pokus sa sanhi na ginagamitan ng panlaping *ingka-...-an* at *ika-* ang pangunahing gamit ng pandiwa. Ipinapakita sa bawat pokus ng pandiwa ang paggamit ng mga panlapi sa pagbuo ng salita sa pangungusap sa wikang Kamayo.

Gaya ng natuklasan ng mananaliksik, talagang ganap na wika ang wikang Kamayo dahil taglay nito ang kakaibang proseso sa pagbuo ng mga salitang pandiwa sa isang pangungusap gamit ang mga panlapi. Patunay lamang na buhay ang nasabing wika dahil pangunahing gamit ito sa pakikipag-usap ng mga tao sa lugar.

Napag-alaman din ng mananaliksik ang kaantasan ng pang-uri sa wikang Kamayo na maaaring karaniwan, katamtaman o moderasyon at masidhi o sukdulang uri. Binubuo ng mga panlaping *ka-* at *ma-* ang salitang naglalarawan ng karaniwang anyo ng pang-uri. Ang panlaping *-hay* at *-ay* ang ginagamit sa paglalapi sa mga salitang-ugat upang ilarawan ang katamtamang antas ng pang-uri. Tulad na lamang ng salitang *gwapahay* [gwa.pa.hay] na may kahulugang medyo maganda at naglalarawan ng moderasyon na katangian. Datapwat, magiging moderasyon lamang ito kapag ang nagsasalita nito ay gumagamit ng bahagyang paghinto sa pagbigkas [·].

Ginagamit din ang panlaping *-hay* at *-ay* sa mga salitang-ugat upang ilarawan ang katangian bilang pinakadulong digri ng antas ng pang-uri. Tulad na lamang ng salitang *gwapahay* [gwa.pa.hay] na may kahulugang napakaganda at naglalarawan ng sukduhan na katangian at ganoon din ang panlaping *ay-* sa salitang *kaigay* [ka.i:gay]. Subalit, nakasalalay sa haba ng pagbigkas [:] ng salita ang kahulugan nito. Ginagamit din ang panlaping *pinaka-* at *ma-...-i* sa paglalarawan ng salita sa sukduhan ng antas ng pang-uri.

Talagang di-mapapasubalian ang katangiang taglay ng wikang Kamayo. Natatangi ang pagbuo ng mga salita dahil ginagamitan ito ng paglalapi sa deribasyon at impleksiyon ng mga salita. Patunay lamang na buhay at pangunahing wika ang wikang ito sa lugar ng pag-aaral dahil karaniwan lamang ang gamit ng nasabing wika sa araw-araw na pamumuhay ng mga tao.

Ang mga panlaping ito ay tinatawag na di-malayang morpema dahil hindi ito nagtataglay ng sariling kahulugan kapag hindi ikinakabit sa salitang-ugat. Sa halip, nagtataglay ito ng kilos, paglalarawan at kaantasan ng pang-uri ng isang salita. Sa bahaging ito, lalong napatibay ang paniniwala ng mananaliksik na tunay ngang ganap ang wikang Kamayo dahil mayroon itong natatanging proseso sa pagbuo ng salita maging parirala o pangungusap at ginagamit ang deribasyon at impleksiyon sa pagbuo ng mga salita sa pagbabalangkas ng pangungusap.

Samakatuwid, ang pag-aaral na ito ay umalinsunod sa pag-aaral nina Hasselbring (2011) na nagsasabing ang wika ay tinatawag na Kamayo/Kinamayo/Kadi o Kinadi na kung saan ito ang wikang ginagamit ng mga tao sa isang tiyak na lugar subalit walang naitala o nailimbag na mga babasahin. Samakatuwid, ang paggamit ng wikang Kamayo ay tumutukoy sa identidad ng mga taong naninirahan sa unang distrito ng Surigao del Sur.

Rekomendasyon

Inirerekomenda ng mananaliksik na magkaroon pa ng malalimang pag-aaral sa sintaks ng wikang Kamayo upang matugunan ang mga pangangailangan ng kasalukuyang edukasyon lalo pa sa pagtuturo ng MTB-MLE sa mga lugar ng pag-aaral.

Maaari ring gawing pananaliksik ang deskriptibong pag-aaral ng mga wikang Manobo at Mamanwa sa Surigao del Sur para magkaroon ng paghahambing at pagtutulad ng wikang Kamayo sa mga wika nila upang tingnan kung may katotohanan ang sinabi ni Ebo na amalgamasyon lamang ang wikang Kamayo ng mga wikang katutubo.

Inirerekomenda na magkakaroon ng pananaliksik sa ponolohiya ng wikang Kamayo at maging sa historikal na pagsusuri ng wikang Kamayo at iba pang wika sa Surigao, del Sur.

Inirerekomenda ring pag-aralan ang paggamit ng salitang **kadi** (pala) sa pagbuo ng isang pangungusap sa nasabing wika dahil pansin ito sa pangungusap ng wikang Kamayo.

Si Erwin R. Bucjan ay Full Professor sa Departamento ng mga Wika, Kolehiyo ng mga Sining at Agham ng North Eastern Mindanao State University, Tandag Campus. Naging tserperson ng nasabing departamento sa taong panuruang 2022- 2023. Miyembro ng National Research Council of the Philippines. Nakapaglathala ng mga pananaliksik sa isang nasyonal at internasyonal ng publikasyon. Nakapagtapos ng Doktor ng Pilosopiya sa Filipino sa Mindanao State University, Iligan Institute of Technology, Iligan City sa taong 2017.

Mary Ann S. Sandoval is the current Department Chairperson and a faculty member of the Department of Filipino and Other Languages, College of Arts and Social Sciences at Mindanao State University-Iligan Institute of Technology (MSU-IIT). She holds a Doctoral Degree in Filipino from the University of the Philippines, Diliman. She has published various research papers and articles in different refereed journals encompassing topics related to language structure, online communication, teaching strategies, literature, and others. In addition to her research endeavors, Sandoval is deeply committed to education and outreach. She has mentored numerous graduate students and doctoral researchers, guiding them in their academic pursuits. Sandoval's contribution to her field has been highly recognized. She has received accolades for her impressive research and teaching excellence.

SANGGUNIAN

- Agana, F. P., Bisa, P. B., Legaspi, W. J., Lorenzo, C. S., Quetua, F. L., Ramos, A. G., & Semorlan, T. P. (1999). *Sanguniang gramatika ng wikang Filipino*. Diliman, Lungsod Quezon: Sentro ng Wikang Filipino, Sistemang Unibersidad ng Pilipinas, UP.
- Ceña, M. R. (2012). *Sintaks ng Filipino*. Intramuros, Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining.
- Chomsky et al. (2019). Generative Grammar and the Faculty of Language: Insights, Questions, and Challenges. *Catalan Journal of Linguistics Special Issue*. Nakuha mula sa <https://revistes.uab.cat/catJL/article/view/sp2019-chomsky-gallego-ott>
- Dela Cerna, M. S. (2015). *Linear description of Surigawnun linguistic system*. (Dissertation). Cebu City: University of San Jose Recoletos. doi: 10.1017/S0305000908009252. Printed in the United Kingdom

- Doriana, C & Caramazza, A. (2015). *Where is morphology and how is it processed? The case of written word recognition*. Nakuha sa https://www.researchgate.net/publication/232561891_Where_is_morphology_and_how_is_it_processed_The_case_of_written_word_recognition
- Dumalagan, F. M. (2001). A comparative study of Surigaonon, Kamayo-Hinatuan, and Kamayo-Bislig verbal affixes. *School of Graduate Studies Research Bibliography AY 2008-2009*. Lungdos Iligan: MSU-Iligan Institute of Technology.
- Hasselbring, S., Vioria, R., & Mata, M. (2011). *A participatory assessment of Kinamayo: A language of easter Mindanao*. SIL International Electronic Survey Report 2011-035. Nakuha mula sa <https://www.google.com.ph/url?sa=t&rct=j&q=&esrc=AFQjCNH2tQGn9AJP-5dAclQuG2H4mPMSxQ&bvm=bv.109332125,d.amc>.
- Llamzon, T. A., Del Rosario & Sanchez, M. (1974). *Makabagong balarila ng wikang Tagalog*. Lungsod Quezon: Ateneo de Manila University Press.
- Paz, C. (2015). Ang unibersal na nukleyus at ang Filipino. *Daluyan : Journal ng Wikang Filipino Espesyal na Isyu*. Nakuha mula sa <https://journals.upd.edu.ph/index.php/djwf/article/view/4943>
- Samarca, Y. A. (2016). *Deskriptibong pag-aaral ng estrukturang gramatikal ng wikang Cantilangnun sa Surigao del Sur*. (Disertasyon). Mindanao, State University, Iligan Institute of Technology, Iligan City.
- Santos, A. L. & Magracia E. B. (2010). *Pagsulat ng proposal sa pananaliksik sa Filipino*. Lungsod ng Iligan: Departamento ng Filipino at Ibang mga Wika.